



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-78 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-11 NG ENERO, 2021 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Gualberto V. Magno
Kgg. Jerwin S. Dimapilis
Kgg. Agustin L. Cusi
Kgg. David D. De La Cruz
Kgg. Robert S. Quiatchon
Kgg. Lucille T. Bucay
Kgg. Juan Rafael M. Talens
Kgg. Ronel S. Sescar
Kgg. Elmira May V. Tarac

Tagapangulo

- Pangulo, SKMF

Hindi Nakadalo:


Kgg. John John S. Yason
Kgg. Celso M. Dimapilis

KAPASYAHAN BLG. 384
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA NG YUMAONG DATING KINATAWAN NG IKALAWANG DISTrito NG ORIENTAL MINDORO, KGG. REYNALDO "RU" V. UMALI.

- SAPAGKA'T ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal sa mahabang panahon ng kanyang buhay ay ikinalulungkot at ipinagdaramdam ng kanyang mga naiwan;
- SAPAGKA'T si "Cong RU", tilad ng nakagawiang itawag sa kanya ay naging lingkod bayan sa ilang tanggapan ng pamahalaan, bilang Division Chief ng National Economic and Development Authority at bilang director ng Presidential Agrarian Reform Council Secretariat, bilang Legal Office Chief at Deputy Commissioner ng Bureau of Customs simula taong 2005 hanggang 2010;
- SAPAGKA'T si Cong. RU, sa kanyang malinis na hangaring makatulong sa mga kababayan at lubos na mapaunlad ang Lalawigan ng Oriental Mindoro ay pumasok sa pulitika kung saan dahil sa kanyang ipinamalas na paninindigan at prinsipyo ay nahalal bilang Kinatawan ng Ikalawang Distrito ng Oriental Mindoro simula taong 2010 hanggang 2019;
- SAPAGKA'T sa panahon ng kanyang panunungkulan, ipinakita nya ang dedikasyon sa tungkulin at sinikap na dumaloy ang mga proyektong pang imprastruktura, pangkalusugan, edukasyon at hanapbuhay sa Segunda Distrito ng Lalawigan ng Oriental Mindoro.


GUALBERTO V. MAGNO


FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT bilang Kinatawan ng Segunda Distrito ng Oriental Mindoro ang Kgg. Reynaldo "RU" V. Umali ay nag-ukol din ng panahon at kakayahan upang lubos na mapabuti ang kalagayan ng pamumuhay ng kanyang mga kababayan gayundin ang pakikipagtulungan at pag-unawa sa pangangailangan ng kanyang nasasakupan;

SAPAGKAT si Kgg. RU ay naging isang mabuti at responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na asawa sa kanyang kabiyak kung saan ang kanyang paglisan ay lubhang dinaramdam ng mga nalwan;

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng bayan ito, ang mga namumuno at mga kawani ay lubos na nagpapahayag ng paglulala at pasasalamat sa lahat ng mga kabutihan at paghilingkod ni REP. REYNALDO "RU" V. UMALI kasabay ng pagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang mga naulila.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Lucille T. Bacay at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng yumaong naging Kinatawan ng Ikalawang Distrito ng Oriental Mindoro, Kagalang-galang Reynaldo "RU" V. Umali.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybahay Dr. MA. LINDA T. UMALI, mga anak at mga kaanak ng namayapang KGG. REYNALDO "RU" V. UMALI lalip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 11 Enero 2021

PINATITUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GUABERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan

merx/01112021